# Pag-asikaso sa mga dayuhang nasyonal na nagbabalak na pumasok sa Japan

Hunyo 26 2021
(Binago noong Oktubre 7 2022)
Immigration Services Agency of Japan

## 1 Mga dayuhang nasyonal na naisyuhan ng certificate of eligibility o mga dayuhang nasyonal na nakapag-aplay para sa certificate of eligibility

### ① Mga dayuhang nasyonal na naisyuhan na ng certificate of eligibility

Pangkaraniwan na may bisa ng tatlong buwan, ngunit bilang isang espesyal na kaso,ang mga certificate of eligibility ay pangangasiwaan tulad ng mga sumusunod :

- ○ Ang mga Certificate of Eligibility na inisyu sa pagitan ng Enero 1, 2020 hanggang April 30, 2022 ay ituturing na may bisa hanggang October 31, 2022.
- ○ Ang mga Certificate of Eligibility na inisyu sa pagitan ng Mayo 1, 2022 hanggang Hulyo 31, 2022 ay may bisa ng 6 na buwan mula sa petsa ng pagka-isyu.

※Para sa mga aplikasyon para sa mga certificate of eligibility na ginawa hanggang Enero 31, 2021 na walang pagbabagong ginawa mula sa unang aplikasyon, isang pinabilis na bagong certificate of eligibility ay ibibigay, karaniwan, kapag ang aplikante ay nagsumite ng alinman sa (1) ang dating naibigay na certificate of eligibility (kopya man o orihinal), at (2) mga salaysay na dahilan na iginayak ng tatanggap na organisasyon. Mangyaring i-click ang link na ito para sa mga detalye.

### ② Mga dayuhang nasyonal na nasa proseso ng pag-aaplay para sa certificate of eligibility

Kapag napagpasyahang baguhin ang araw ng simula ng aktibidad para sa aplikasyong kasalukuyang pinuproseso,bilang pangkalahatang panuntunan, tanging ang pahayag na dahilang ginawa ng tumatanggap na organisasyon lamang ang gagamitin para sa pagsusuri.

## 2 Mga dayuhang nasyonal na umalis na ng Japan na may permisong re-entry habang pinuproseso ang pag-aaplay para sa residency

**【IMPORTANTE】 Ang hakbang na ito ay hindi na magagamit para sa mga aplikasyon na gawa matapos ang Oktubre 11, 2022.**

Kung ang isang dayuhang nasyonal na umalis ng Japan na may permisong re-entry (kabilang ang permisong special re-entry) nagsumite ng aplikasyon upang magpalit ng status of residence, isang aplikasyon upang magpa-extend ng pagtigil o isang aplikasyion para sa permanenteng residence bago lumisan ng Japan at hindi nakapasok ng Japan dahil sa tindi ng novel coronavirus (COVID-19), isang kamag-anak sa Japan o isang staff member ng tumatanggap na organisasyon, atbp. Ay pahihintulutang tanggapin ang residence card kaugnay sa pahintulot sa aplikasyon bilang proxy, at ang aplikanteng nasa labas ng Japan ay maaaring mag-aplay para sa landing gamit ang permisong re-entry.

## 3 Mga dayuhang nasyonal na nag-expire na ang kanilang period of stay habang nasa labas ng Japan ngunit may permisong re-entry

**【IMPORTANTE】Ang hakbang na ito ay magagamit lamang hanggang Abril 30, 2023. Para sa mga detalye, sumangguni sa mga link sa ibaba.**

### ① Mga dayuhang nasyonal na hindi kailangang mag-aplay ng certificate of eligibility (Permanent Residents, atbp.)

Mangyaring mag-aplay para sa visa sa misyong diplomatiko sa bansang iyong pinananatilihan.
※Tingnan dito para sa mga detalye hinggil sa mga aplikasyon ng Permanent Residents
※Tingnan dito para sa mga detalye hinggil sa Long term residents (hindi nakatakdang ipaalam sa publiko) at ang nasa ilalim ng “Designated Activities” (hindi nakatakdang ipaalam sa publiko).

### ② Mga dayuhang kinakailangang mag aplay ng certificate of eligibility (estudyante, technical intern trainees, at iba pa.)

Kung ang isang dayuhan na muling nag aplay ng certificate of eligibility ayon sa kanyang kalagayan bilang mid-long term resident (estudyante, technical intern trainee, at iba pa.) na habang nasa labas ng Japan, may re-entry permit, dayuhang nag expired na ang period of stay, na hindi makabalik ng Japan, may eksamen na isasagawa na ibabase lamang sa application form at kasulatan ng mga dahilan na inihanda ng tatanggap na institusyon sa muling pag aaplay ng certificate of eligibility. Tingnan ito para sa mga detalye.

### ③ Mga naduyaang nanirahan sa Japan bilang “Highly Skilled Professional (II)”

Mangyaring mag aplay ng certificate of eligibility ayon sa mga nakaraang aktibidades bilang Highly skilled professional (II) na katulad ng (2) nasa itaas. (Ikaw ay makakatanggagp ng Highly skilled professional (I) visa, at tapusin ang mga pamamalakad sa pagtanggap ng visa (II) pagkarating sa Japan.